# MATINDING INIT: HAMON SA EDUKASYON

*by:*
**Liza Ann C. Rondares**
*Teacher III, Kataasan Elementary School*

Ang matinding init ay isang na suliranin para sa parehong mga mag-aaral at guro sa ating bansa tuwing darating ang tag-init. Nagiging mahirap ang pag-aaral sa loob ng silid-aralan dahil sa matinding init na ating nararanasan. Hindi lamang ito nagdudulot ng hindi komportableng na pakiramdam sa mga mag-aaral, kundi malaki rin ang epekto nito sa kanilang kakayahang umunawa, at matandaan ang bawat aralin.

Sa tuwing nagiging mainit sa loob ng silid-aralan, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na ituon ang kanilang pansin sa kanilang pag-aaral. Sa halip na makinig sa guro, madalas silang naiistorbo ng init, nagpapaypay, nagpapahid ng pawis, o naghahanap ng paraan para maibsan ang init. Sa patuloy na hindi komportableng pakiramdam na kanilang nararanasan, nauubos ang kanilang mental na enerhiya na sana ay nagamit sa pagkatuto at pag-intindi ng bagong kaalaman.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bukod pa rito, naapektuhan din ng init ang pisikal na kalusugan ng mga mag-aaral. Ang kakulangan ng tubig sa katawan o dehydration ay maaaring magdulot ng matinding pagkapagod. Dahil dito, maraming mag-aaral ang nagkakasakit at lumiliban sa klase. Nagiging sanhi ito ng lalo nilang hindi pagkatuto.

Dagdag pa rito ay ang kakulangan sa maayos na bentilasyon sa maraming silid-aralan. Ang kakulangan ng sapat na bentilador sa bawat silid-aralan ay nakakadagdag sa kalbaryo ng mga guro at mag-aaral sa matinding inti na panahon. Bukod pa rito ay ang dami ng mag-aaral na pilit na pinagkakasya sa isang silid-aralan. Ang isang silid-aralan na may hindi maayos na bentilasyon ay maaring maging sanhi ng hindi maayos na pagkatuto ng mga mag-aaral

Ang mga guro ay apektado rin ng matinding init. Kapag hindi sila komportable, maaaring maapektuhan ang kalidad ng kanilang pagtuturo. Maaaring minamadali nila ang mga leksyon upang matapos agad o kaya'y nawawalan sila ng sigla sa kanilang pagtuturo. Dahil dito, naapektuhan din ang buong karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral sa aralin.

Upang malutas ang mga problemang ito, kailangang magpatupad ng mga hakbang ang mga paaralan upang lumikha ng mas komportableng kapaligiran para sa pag-aaral. Maaaring kabilang dito ang pagdaragdag ng mga bentilador, pagtiyak na maayos ang bentilasyon ng mga silid-aralan, o pagbabago ng iskedyul ng klase upang maiwasan ang pinakamainit na oras ng araw. Kahit ang simpleng mga hakbang na ito ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pagpapanatili ng pokus at sigasig ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Ang patuloy na nararansan na matinding init sa Pilipinas ay isang malaking hamon sa edukasyon. Kailangang kilalanin ng mga paaralan at awtoridad ang problemang ito at gumawa ng mga hakbang upang matiyak na nananatiling maayos ang kapaligiran ng pag-aaral kahit sa pinakamaiinit na buwan. Sa pamamagitan ng pagtugon sa epekto ng init sa pag-aaral, matutulungan natin ang mga mag-aaral na maabot ang kanilang buong potensyal sa kabila ng hamong dulot ng klima.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.studocu.com/ph/document/santa-cruz-national-high-school/researchiv/pananaliksik-completed/104136122

https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17038296

Mojica, M. (2024) Ang Mainit Na Panahon At Ang Bunga Nito Sa Pag-Aaral Ng Mga Estudyante